Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
STA. CRUZ, LAGUNA
RECEIVED
OCT 08 2024
By: VIA Ref #:

Oktubre 07, 2024

Bb. ROSALIA CORTEZ
Provincial Board Secretary - OIC
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayan/Municipal Ordinance na napagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, gaya ng mga sumusunod:

1. Municipal Ordinance No. 039-2024– An Ordinance Establishing A Municipal Health Policy for the Purpose of Integrated Mental Health Services, Community-Based Mental Health Services, Promoting and Protecting the Rights of Persons Utilizing Psychosocial Health Services, Appropriating Funds Therefor, and for Other Purposes.
2. Municipal Ordinance No. 040-2024 - An Ordinance on Institutionalization of A Functional Disaster Risk Reduction and Management in Health System in the Municipality of Cavinti, Laguna.
3. Pambayang Kautusan Blg. 041-2024 – Isang kautusang Nagpapangalan sa bagong Munting Tulay na "Tulay ng Calicuy Barangay Layasin Cavinti, Laguna".

Mangyaring patunayan ang pagtanggap nito.

Lubos na gumagalang,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 99 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 9 NG SETYEMBRE, 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIAN NG BARANGAY CANSUSO, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN;

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SKF President

HINDI DUMALO: Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
(*Nasa Opisyal na Lakad*)

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 041 - 2024**

**ISANG KAUTUSANG NAGPAPANGALAN SA BAGONG MUNTING TULAY NA "TULAY NG CALICUY BARANGAY LAYASIN CAVINTI, LAGUNA"**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman Committee on Ordinances and Legal Matters*

*Sponsored by:* Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat
*Chairman, Committee on Tourism , History, Culture and Arts*

**SAPAGKAT,** ang Sangguniang Bayan ay nakapagpasa na ng isang Kautusan para sa wastong pagpapangalan ng mga lugar o istraktura ng nasasakupan ng Bayan ng Cavinti na may pamagat na, "*AN ORDINANCE SETTING GUIDELINES IN THE NAMING AND RENAMING OF PUBLIC STREETS, PUBLIC SCHOOLS, BUILDINGS, BRIDGES, SITIOS AND OTHER SIMILAR PLACES IN THE MUNICPALITY OF CAVINTI, LAGUNA.*";

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na "*Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991*", Seksyon 16 , sa nilooban ng kani-kanilang teritoryong nasasakupan, titiyakin ng mga yunit ng Pamahalaang Lokal, ang suporta, una sa lahat, ang pagpapanatili at pagpapayaman sa kultura;

**SAPAGKAT,** itinatakda din ng Seksyon 13 ng Kodigo , ang mga Sanggunian ng mga kabahaging Lungsod at mga bayan, ay maaaring sa pamamagitan ng pagsangguni sa Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (PHP) ay may kapangyarihang makapagpalit ng mga pangalan na nasa loob ng nasasakupang lupain gaya nang , mga pambayan at pambarangay na mga lansangan, abenida, bulebard, daanan at tulay;

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHEL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE: 04 OCT 2024 TIME: 8:59

**SAPAGKAT,** ang maalamat na Nayon ng Layasin ay isa sa mga Labing-Tatlong(13) unang Nayon (Nayones y Parages) na naitatag ng ating mga ninuno at sa paglikha ng mala-kolonyal na pamamahala ng mga Kastila, na kung saan naroon ang ilog ng Calicuy;

**SAPAGKAT**, ang bagong munting tulay ay natatayo sa kung tawagin ay Daang Bangco na ito naman ay hindi saklaw ng Pamahalaang Barangay ng Bangco ngunit nasasakupan naman ng Nayon (Barangay) ng Layasin;

**SAPAGKAT,** ayon sa pagsasaliksik at mga nakalap na datos at/o mga tala at ayon din sa mamamayan ng Layasin , na ang nasabing ilog ay kung tawagin ay "CALICUY" na sa pagsisikap ng kasalukuyang pamunuang Bayan ay ito ay nalagyan ng bagong munting tulay na yari sa semento na nasasakupan ng Barangay ng Layasin at patungo naman ng Barangay ng Bangco;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang Malaya at masinsinang talakayan sa panukala ni KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, miyembro ng Sangguniang Bayan na pinangalawahan naman ng lahat ng bumubo ng Sangguniang Bayan, na

**IPINAG-UUTOS,** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Cavinti na nagkakatipon-tipon , na

**SEKSYON 1. TITULO .** ang Kautusang ito ay kikilalanin sa tawag na, **"TULAY NG CALICUY, BARANGAY LAYASIN CAVINTI, LAGUNA".**

**SEKSYON 2. PAGPAPANGALAN.** Ang nasabing munting tulay na nasasakupan ng Barangay ng Layasin ay tatawagin Nang **'TULAY NG CALICUY, BARANGAY LAYASIN, CAVINTI, LAGUNA."**

**SEKSYON 3. IBA PANG MGA TAKDAIN.**

3.1. Maaari itong paglaanan ng tulong-salapi/pondo ng Yunit ng Pamahalaang Lokal gaya ng Pamahaalang Bayan ng Cavinti at Pamahalaang Barangay ng Layasin para sa pagmementina, pagkukumpuni, kung kinakailangan sa panahon na ito ay nasira at/o pangangailangan ng panibagong pagpapaunlad;

3.2. Maari din itong paglaanan na lagyan ng pintura upang sa gayon ay mas maging makulay at marangyang tingnan dahil ang Nayon ng Layasin maging ang kalapit Barangay ng Banco ay tuluyan ng umuunlad at lugar panturismo na rin;

3.3. Maaari na rin itong lagyan ng "*Marker*" bilang pagkakakilanlan;

3.4. Ang Naturang Munting Tulay ay mananatili sa kung tawagin ay Daang Bangco(*Bangco Road*) at ito ay maaamyedahan sa pag-usad ng panahon ayon sa mga itatakdang mga batas;

**SEKSYON 4. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Na ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**SEKSYON 5. HIWALAY NA SUGNAY** . Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**SEKSYON 6. PAGKAKABISA.** Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan , dumaan sa isang pampublikong-pandinig, at hustong napag-aralan at maipaskel sa mga hayag na lugar at *Official Social Media Account* ng Sangguniang Bayan sa loob ng Labin-Limang (15) araw.

**PINAGTIBAY .**

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 99 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika-9 ng Setyembre 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**ATTESTED:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**Vice Mayor/ Presiding Officer**

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**
**Date Signed : ___________**

**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Cavinti**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

KATITKAN NG NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG TUNGKOL " **ISANG KAUTUSANG NAGPAPANGALAN SA BAGONG MUNTING TULAY NA "TULAY NG CALICUY BARANGAY LAYASIN, CAVINTI, LAGUN**A", NA GINANAP NOONG IKA-19 NG AGOSTO 2024, SA BULWAGANG PULUNGANG PAMBAYAN CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: SB ROMEL J. VILLANUEVA, TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN;
SB GLENN HAZE M. CABUHAT, TAGAPANGULO-LUPON SA TURISMO.
SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN, PANG. TAGAPANGULO;
SB JIMMY JOSE V. OLIVEROS, KASAPI.

MGA PANAUHIN: (See Attendance Attached)

**PAGTALAKAY SA PAKSA**

Binuksan ni SB Romel J. Villanueva ang pagpupulong sa ganap na ika-1:10 ng hapon. Ipinaliwanag ng kagawad na ang paksa ay isang simpleng ordinansa lamang sa pagpapangalan sa isang lugar. Sa panimula ng talakayan ay hiniling ng kagawad ang pagbabas at patuloy na paggabay ng Panginoon sa lahat-lahat at bawat isa para sa pagiging maayos na paggampan sa mga tungkulin. Ipinaliwanag ng kagawad na ang paksa ay isang simpleng ordinansa lamang sa pagpapangalan sa isang lugar. Ayon pa sa kanya ay may nagsasabi na ito ay sakop ng Barangay Bangco, ngunit sa katotohanan ay Brgy. Layasin ang talagang maysakop sa naturang lugar.

Sa pagpapatuloy ni SB Romel J. Villanueva ay kinilala niya ang lahat-lahat ng nasa kapulungan. Pasasalamat din ang ipinaabot ng kagawad sa mga panauhin na nagsidalo sa patawag na ito at aniya'y sila'y magiging bahagi ng pagbabalangkas ng ordinansang pinag-uusapan na kung saan ay ito daw ang isa sa magiging sandata sa pag-unlad ng turismo dito sa ating bayan. Ayon pa sa kagawad na kaya ang mga panauhin ay na-aandito ay upang gumanap sa isang tungkulin sa paggawa ng batas.

Kaya para sa higit na kaliwanagan ng bawat isa ay ipinakita sa hapag ang mapa sa pamamagitan ng video presentation/*wide screen* na pinagbasehan sa pagbuo ng ordinansa na tumutukoy sa pagpapangalan ng tulay ng Calicuy. Sinabi ni SB Romel J. Villanueva na dito ay makikita na ang mapa ay noon pang taong 1793, kaya ito ay *old map* na mula pa sa *National Archive*, na kanyang sinaliksik. Base rito ayTulay ng Calicuy at hindi Caluycuy na kung saan ito daw ay nabago dahil sa pag-usad ng panahon. Dagdag pa ng kagawad na base pa rin sa mapa ang nasabing tulay ay sakop din ng Barangay Layasin ngunit dumadaan sa Barangay Road ng Bangco.

Isinunod ang pagbasa sa nilalaman ng nasabing ordinansa upang ito ay bigyan ng komento/suhestyon sa hapag.

Matapos itong basahin at paglilinaw ni SB Romel J. Villanueva na sa ordinansang ito ay hindi aalisin ang pangalan ng Barangay Road ng Bangco kahit ang address ay Barangay Layasin, aniya ay ang tinunukoy lamang dito ay ang pagpapangalan ng munting tulay ng Calicuy. At para sa ibang opinyon at suhestyon ukol sa paksain ibinukas ng kagawad ang hapag.

Sa bahagi ng Seksyon 3. **IBA PANG TAKDAIN.**
**3.1. Maari itong paglaanan ng tulong-salapi/pondo ng Yunit na pamahalaang Lokal gaya ng Pamahalaang Bayan ng Cavinti at Pamahalaang Barangay ng layasin para sa pagmementina,**

**pagkukumpuni kung kinakailangan sa panahon na ito ay nasira at/o pasngangailangan ng panibagong pag-unlad.**

Sa ilalim nito, nais linawin ni Punong Barangay Nemencio Arante, kung isusunod sa mapa na Barangay Layasin ang nakakasakop sa Tulay ng Calicuy at nabanggit naman sa ordinansa na kung magkakaroon ng pondo ang pamahalaang bayan at sakaling made-develop ang nasabing tulay , ito daw bay mananatili na ang nasabing tulay ay sa barangay Layasin pa rin ipapangalan?

Sang-ayon sa lupon ay hindi na ito mababago sapagkat ang nasabing tulay ay Barangay Layasin ang tunay na nakakasakop.

Susog sa paliwanag ni SB Romel J. Villanueva, sinabi ni SB Jimmy Oliveros total naman daw ang Barangay Bangco ay nakasaad din sa bahagi ng ordinansa at aniya'y sakaling ito'y maaprubahan, opinyon ni SB Jimmy V. Oliveros at kung sasang-ayunan sa hapag, na aniya'y mas maganda na pamagat pa lamang ay isaad na ang Barangay Bangco, na ganito ang magiging tema, "Calicuy Bridges, Bangco Road, Barangay Layasin.

Kaugnay sa opinyon ni SB Jimmy Oliveros kung saan ay hiningi sa hapag ang panig ng dalawang (2) Punong Barangay, gaya ng sumusunod:

1. Punong Barangay Nenemcio Arante – sinabing pabor sa opinyon ni SB Jimmy Oliveros, dahil hindi pa naman sila mga tao noon ay iyon na ang sinasabi ng matatanda.

2. Punong Barangay Ronald Lubuguin-gaya ng sinabi ni Punong Barangay Nemencio Arante na ito ay kinagisnan na rin sa Barangay Bangco, sapagkat sa pagkaalam daw ni Punong Barangay Ronald Lubuguin na ang tubig na dumadaloy sa katubiganan na pinagtataniman ng palay sa kanilang barangay na umaagos naman sa ilog ng Bangco papuntang Layasin, Duhat at Anglas. Kaya pabor din siya sa opinyon ni SB Jimmy Oliveros.

Suhestyon naman ni Barangay Kagawad ng Layasin Ric Alejandro na baka daw pweding unahin ay ang Barangay Bangco, sunod ang Barangay Layasin.

Sang-ayon kay SB Jimmy Jose ay ayos at tama na iyong **Calicuy Bridges, Bangco Road, Barangay Layasin**, aniya'y importante ay nakasaad din ang Barangay Bangco at ito ay magiging *"Land Mark* na rin sa pagbibigay ng *address* sa mga tao na pupunta doon upang madaling hanapin ang lugar.

Sapagkat wala ng nais pang magbigay ng pahayag kaugnay sa paksa na may pamagat na " **ISANG KAUTUSANG NAGPAPANGALAN SA BAGONG MUNTING TULAY NA "TULAY NG CALICUY BARANGAY LAYASIN, CAVINTI, LAGUNA",** iminungkahi na ni SB Jimmy V. Villanueva na ito ay iliwat na sa Ikalwang Pagbasa.

Pinangalwahan nina SB Glenn Haze M. Cabuhat at SB Stephanie Princess P. De Guzman ang mungkahi ni SB Jimmy Oliveros at ito ay sinang-ayunan ng lahat sa kapulungan.

Kaya dahil dito ang nasabing paksa ay ililiwat na sa Ikalwang Pagbasa sa ilalim ng Nakatakdang Gawain ng Sangguniang Bayan upang doon ay muli itong mapagtalakayan.

Tinapos ang Pampublikong Pagdinig sa ganap na 1:30 ng hapon.

Inihanda ni:

ZAINE A. LACOSTALES
Admin. Asst. I

MAY KINALAMAN:

SB ROMMEL J. VILLANUEVA
TAGAPANGULO-LUPON SA MGA BATAS, ORDINANSA AT LEGAL NA USAPIN

SB GLENN HAZE M. CABUHAT
TAGAPANGULO-LUPON SA TURISMO

SB STEPHANIE PRINCESS P. DE GUZMAN
PANG. TAGAPANGULO

SB JIMMY JOSE V. OLIVEROS
KASAPI.

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

## ATTENDANCE SHEET

| | | | |
|---|---|---|---|
| **MEETING:** | PUBLIC HEARING TULAY NG CALICUY | **DATE:** | 08-19-21 |
| | | **TIME:** | |

| NAME | BRGY / OFFICE | CP NUMBER | SIGNATURE |
|---|---|---|---|
| 1. Julius Morales | Layasin | 09122953376 | [signature] |
| 2. REYNALDO CALUPIG | LAYASIN | 09634224337 | [signature] |
| 3. MICHAEL SHERABAN | LAYASIN | 09986288839 | [signature] |
| 4. Jaydee S. Lingatong | Layasin | 09388013553 | [signature] |
| 5. EDRED A. Miry | LAYASIN | | E.S |
| 6. ELIAS C. CALUPIG | LAYASIN | 09304216968 | [signature] |
| 7. Roxan G. Arante | Layasin | 09237123828 | [signature] |
| 8. Marciano P. Arante | Layasin | | M. Arante |
| 9. AGAPITO E. RABOEL | LAYASIN | | ARaboel |
| 10. OLIVA T. BLAZA | LAYASIN | 09620420156 | O. Blaza |
| 11. JESSIE R. LINGATONG | LAYASIN | | [signature] |
| 12. BIENVENIDO R. NEGO | LAYASIN | | [signature] |
| 13. Laica J. Aguirre | Layasin | 09639037487 | [signature] |
| 14. RODELIO R. ARANTE | LAYASIN | | R. Arante |
| 15. Marilyn Garilla | Layasin | 09708608020 | Garilla |
| 16. BRIAN R. BLEZA | LAYASIN | 09203280009 | [signature] |
| 17. REYNALDO A. LIZERA | LAYASIN | 09286577745 | [signature] |
| 18. Romanito D. Millen | Layasin | | R. Millen |
| 19. Lolita A. Honoy | Layasin | 09184585981 | [signature] |
| 20. Mercy M. Garillar | Layasin | 0912 | Mgarillar |
| 21. Manilyn G Alegandro | Layasin | 09705867398 | Alejandro |
| 22. Rosenaneth Arante | Layasin | 09386366045 | R. Arante |
| 23. Maricel A. De Belen | Layasin | | [signature] |
| 24. | | | |
| 25. | | | |

## ATTENDANCE SHEET

| | | | |
|---|---|---|---|
| **MEETING:** | "TULAY NG CALICUY" | **DATE:** | Aug. 19, 2024 |
| | PUBLIC HEARING | **TIME:** | 12:30 pm |

| NAME | BRGY / OFFICE | CP NUMBER | SIGNATURE |
|---|---|---|---|
| 1. RIC B. ALEJANDRO | Layasin | 0962473239 | [signature] |
| 2. ROMMEL J. VILLANUEVA | SB | 09774284095 | [signature] |
| 3. Jimmy Jose Oliveros | SB | | [signature] |
| 4. Herbert V. Ramos | Bangco | 09054848053 | [signature] |
| 5. Edgar T. Flores | Bangco | 09276440386 | [signature] |
| 6. [illegible] | LAYASIN | 09509886583 | [signature] |
| 7. Glenn Haze Cabuhat | SB | | [signature] |
| 8. ROMALD A. [illegible] | KAPITAN | 0920108483 | [signature] |
| 9. | | | |
| 10. | | | |
| 11. | | | |
| 12. | | | |
| 13. | | | |
| 14. | | | |
| 15. | | | |
| 16. | | | |
| 17. | | | |
| 18. | | | |
| 19. | | | |
| 20. | | | |
| 21. | | | |
| 22. | | | |
| 23. | | | |
| 24. | | | |
| 25. | | | |